



## WORD

<sup>4</sup>Ang taong may pag-ibig ay mapagtiis, mabait, hindi marunong mainggit, hindi hambog o mapagmataas, <sup>5</sup>hindi bastos ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim ng sama ng loob sa kapwa, <sup>6</sup>hindi natutuwa sa kasamaan, kundi nagagalak sa katotohanan, <sup>7</sup>matiyaga, laging nagtitiwala, laging may pag-asa, at tinitii ang lahat. <sup>8</sup>May katapusan ang pagpapahayag ng mensahe ng Diyos at ang pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan, ganoon din ang pagpapahayag ng kaalaman tungkol sa Diyos, ngunit ang pag-ibig ay walang hangganan. **1 CORINTO 13:4-8**

---

Ang pag-ibig na marahil ang pinakapinag-uusapang bagay ngayon sa mundo. Tayo ay umaawit ng mga kanta, nagbabasa ng mga libro, nanonood ng sine, at nakikinig ng mga kanta sa radyo tungkol dito. Nakaranas na din tayo ng antas ng pag-ibig sa ating personal na buhay: sa ating pamilya, kaibigan, at maging sa mga romantikong relasyon na maaaring mayroon o wala sa ating buhay. Subalit ano nga ba ang itsura ng “tunay na pag-ibig”? Upang malaman kung ano ang totoo, wagas, at matatag na pag-ibig, ating tignan kung ano ang sinasabi ng Bibliya.

## 1 Ang pag-ibig ay hindi makasarili.

<sup>4</sup>Ang taong may pag-ibig ay mapagtiis, mabait, hindi marunong mainggit, hindi hambog o mapagmataas, <sup>5</sup>hindi bastos ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim ng sama ng loob sa kapwa . . . **1 CORINTO 13:4-5**

Ang tunay na pag-ibig ay mapang-unawa at hindi ipinaiiral ang pansariling kapakanan at kagustuhan para sa ikabubuti ng iba. Ito ay isang desisyon na dapat gawin araw-araw at hindi batay sa ating nararamdaman. Ipinakita ni Jesus ang Kanyang dakilang pagmamahal sa atin sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus at pagbabalik sa atin sa tamang relasyon sa Diyos (Juan 15:13). Paano tayo hinimok ni Apostol Pablo na sumunod sa halimbawang ibinigay ni Jesus tungkol sa pagiging hindi makasarili? (Mga Taga-Filipos 2:3,4).

---

---

## 2 Ang pag-ibig ay banal.

. . . *hindi natutuwa sa kasamaan, kundi nagagalak sa katotohanan* . . . **1 CORINTO 13:6**

Ang isa pang nagpapakita ng tunay na pag-ibig ay ang pagbibigay karangalan at pagsunod sa Salita ng Diyos sa lahat ng ating mga relasyon. Ang Bibliya ang ganap na pamantayan ng katotohanan sa ating mga buhay. Natututunan natin ang tunay na pag-ibig sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsasapamuhay ng Kanyang Salita—at hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kaparaanan ng mundo (Mga Taga-Roma 12:1,2). Paano nakatutulong ang pagkaunawa sa Salita ng Diyos upang tayo ay magkaroon ng malinis at banal na pamumuhay? (Mga Salmo 119:9)

---

---

## 3 Ang pag-ibig ay matatag.

<sup>7</sup>. . . *matiyaga, laging nagtitiwala, laging may pag-asa, at tinitiis ang lahat.* <sup>8</sup>*May katapusan ang pagpapahayag ng mensahe ng Diyos at ang pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan, ganoon din ang pagpapahayag ng kaalaman tungkol sa Diyos, ngunit ang pag-ibig ay walang hangganan.* **1 CORINTO 13:7,8**

Sa kabila ng ating kasalanan, walang tigil ang Diyos sa pagmamahal sa atin at pagpapakita sa atin ng katapatan—at ang tamang tugon sa Kanyang pag-ibig ay ang pagtitiwala at pagsunod sa Kanya. Sa parehong paraan, maaari tayong magmamahal ng ibang tao ng may matatag at matiising pag-ibig dahil una tayong minahal ng Diyos (1 Juan 4:19). Paano ipinakita ng Diyos ang kanyang pagmamahal sa atin, sa pamamagitan ni Jesus? (Mga Taga-Roma 5:8)

---

---

## APPLICATION

- Sinasabi sa Bibliya na ang “*kaalaman*” ay nagpapayabang sa tao subalit ang pagmamahalan ay nakapagpapatatag sa atin . . . (1 Corinto 8:1). Ngayong alam mo na ang katotohanang ito, ibahagi kung paano mo matutulungang patatagin ang ibang tao ngayong linggo.
- Ano ang isang hindi makasariling bagay na maaari mong gawin upang ipakita ang pagmamahal ng Diyos sa isang miyembro ng iyong pamilya o sa isang kaibigan ngayong linggo?
- Sa iyong pagkakaunawa, ano ang ibig sabihin ng “matatag na pag-ibig”? Paano mo ito maisasapamuhay simula ngayong araw na ito?

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagsugo kay Jesus upang mamatay para sa atin sa krus at upang maging halimbawa ng pagmamahal na maaari nating tularan. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang ipakita ang Kanyang pagmamahal para sa iba.
- Ipanalangin na magawa mong magmahal nang hindi makasarili. Ipanalangin sa Diyos na ikaw ay patuloy na maging katulad Niya araw-araw.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng puso na magmamahal sa ibang tao nang katulad ng pagmamahal ni Cristo (1 Juan 4:10,11). Ipanalangin na magkaroon ka ng karunungan, kakayahan, at katapangan na kumilos batay sa iyong pananampalataya.



**VICTORY**

© 2016 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot  
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.  
victory.org.ph